REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

**Sangguniang Panglungsod**

**KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 96-311**

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE, NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD SA PAGPASOK SA KASUNDUAN NG PAG-UPA NG DALAWANG (2) KUWARTO NA PANSAMANTALANG GAGAMITIN NG TANGGAPAN NG TASK FORCE T.E.D.**

*******************************************************************************

Ipinanukala ni : **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**

*******************************************************************************

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ay pinasisimulan na ang pagpapatayo ng proyektong **"CITY HALL ANNEX"**;

**SAPAGKAT**, ang Tanggapan ng Task Force T.E.D. na nakatayo sa lote na pagtatayuan ng bagong gusali ay giniba na;

**SAPAGKAT**, sa kasalukuyan, ang Task Force T.E.D. at Civil Registry ay walang malipatang kuwarto sa Pamahalaang Lungsod na pansamantalang magagamit na Tanggapan;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ay humanap ng lugar na maaaring upahan upang pansamantalang magamit ng Task Force T.E.D. na paglalagyan ng kanilang Tanggapan;

**SAPAGKAT**, ang Pamahalaang Lungsod ay nakatagpo ng hinahanap na lugar, na matatagpuan sa ikalawang palapag ng gusali ng 7-11, National Road, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa, na pag-aari ni **MARIA MARQUEZ SANTOS**;

**SAPAGKAT**, sang-ayon sa umiiral na halaga ng pagpapaupa sa kuwarto ng mga gusali na malapit sa Pamahalaang Lungsod, napag-alaman na ang mga kuwarto sa gusali ng 7-11 ang pinakamura na umaabot lamang sa halagang P6,500 bawat kuwarto kada buwan;

**SAPAGKAT**, sa kadahilanan na ang pagkakaroon ng Tanggapan ng Task Force T.E.D. ay kailangang-kailangan sa pagkakaloob ng mahusay at mabilis na serbisyo sa mga mamamayan, ang Punonglungsod ay humiling sa Sangguniang Panglungsod na siya ay mabigyan ng kapangyarihan upang kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kasunduan sa pag-upa ng dalawang (2) kuwarto upang pansamantalang magamit na Tanggapan ng Task Force T.E.D.;

**NGAYON, DAHIL DITO**, ang Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ay buong pagkakaisang sinang-ayunan na pagkalooban ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye ng kapangyarihan na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod sa pagpasok sa kasunduan ng pag-upa ng dalawang (2) kuwarto sa ikalawang palapag ng gusali ng 7-11, National Road, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa na pag-aari ni Maria Marquez Santos upang pansamantalang magamit ng Tanggapan ng Task Force T.E.D. ;

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong ika - 19 ng Agosto, 1996 sa ginanap ika - 51 Regular na Sesyon.

**SUMANG-AYON:**

**KGG. MELCHOR R. TEVES**
Konsehal

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, City of Muntinlupa, Philippines
Tel. Nos. 842-25-85
(local 51) 842-26-64
Fax No. 842-61-96

**KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**
Konsehal

**KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**
Konsehal

**KGG. JO JASON T. ALCARAZ**
Konsehal

**KGG. REY E. BULAY**
Konsehal

**KGG. PATRICIO L. BONCAYAO**
Konsehal

**KGG. RUFINO B. JOAQUIN**
Konsehal

**KGG. ROMAN E. NIEFES**
Konsehal

**KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**
Konsehal

**KGG. VICENTE Y. CHUA**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**Pinatotohanan ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.**

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

PINATUTUNAYAN:

**KGG. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod

PINAGTIBAY:

**KGG. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

Petsa: 9/17